# You can✗ shape London's future.



**Maaaring may ✗ malaking epekto ang isang maliit na bagay.**

Iparinig ang boses mo sa halalan para sa **Alkalde ng London at London Assembly**

**2 Mayo 2024**

Magdala ng ID na may litrato para makaboto. Alamin ang higit pa sa **londonelects.org.uk**

LONDON ELECTS

Sa ika-2 ng Mayo 2024, ang mga taong nakatira sa London ay maaaring bumoto para sa Alkalde ng London at 25 Miyembro ng London Assembly.

Tungkulin ng Alkalde na gawing isang mas magandang lugar ang London para sa lahat ng bumibisita, nakatira o nagtatrabaho sa lungsod.

Kabilang dito ang pagbuo ng mga patakaran, pagtatakda ng mga badyet, pangangasiwa sa mga pangunahing programa at pagtaguyod sa London sa buong mundo – na ang lahat ay naaayon sa pananaw ng Alkalde at sa interes ng London at mga taga-London.

Ang London Assembly ay binubuo ng 25 Miyembro - 11 ang kumakatawan sa buong kabisera at 14 ang inihalal ng mga botante ng London.

Ang Assembly ay nagsisilbing mata at tainga ng mga taga-London sa Munisipyo. Pinapanagot ng mga miyembro ang Alkalde sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga estratehiya, desisyon at aksyon ng Alkalde upang matiyak na nasa interes ng publiko ang mga ito.

## KAILAN BOBOTO

Sa ika-2 ng Mayo 2024, ang mga istasyon sa pagboto ay magbubukas mula alas-7 ng umaga – alas-10 ng gabi. Dapat mong sikaping dumating nang may sapat na oras para bumoto. **Dapat kang magdala ng ID na may litrato para makaboto. Alamin ang higit pa sa susunod na pahina.** Kung ikaw ay bumoboto sa pamamagitan ng koreo, matatanggap mo ang iyong mga balota bago ang halalan. Dapat mong tiyaking maibabalik mo ang mga ito bago mag-alas-10 ng gabi sa ika-2 ng Mayo 2024.

## SINO ANG MAAARING BUMOTO

Maaari kang bumoto kung ikaw ay:

- nasa edad 18 pataas sa ika-2 ng Mayo 2024
- isang British, EU o kwalipikadong mamamayan ng Commonwealth na naninirahan sa London at rehistradong bumoto bago ng ika-16 ng Abril 2024

Maaari kang magrehistro para bumoto sa gov.uk/register-to-vote o makipag-ugnayan sa tanggapan para sa rehistrasyong panghalalan ng iyong lungsod.

## SAAN BOBOTO

Mayroong 3 paraan para ikaw ay makaboto.



**1 Sa iyong istasyon sa pagboto:**

- Bago ng ika-2 ng Mayo, padadalhan ka ng ‘kard sa pagboto’ na may mga detalye ng iyong istasyon sa pagboto.
- Maaari ka lamang bumoto sa istasyon sa pagboto na nakalagay sa kard na ito.
- Hihilingin sa iyo ng kawani ng istasyon sa pagboto na ipakita ang iyong ID na may litrato. Titingnan nila kung ikaw ang nakalitrato sa iyong ID, at ang iyong pangalan ay nasa rehistrong panghalalan.
- Matutulungan ka ng mga kawani sa istasyon sa pagboto na maintindihan ang iyong mga balota kung kailangan mo.
- Hindi mo kailangang dalhin ang iyong kard sa pagboto sa istasyon sa pagboto ngunit makatutulong ito sa mga kawani.

**Mga tinatanggap na uri ng ID na may litrato**

Maaari mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na uri ng ID na may litrato kapag boboto sa isang istasyon sa pagboto.

**Paglalakbay sa ibang bansa**

Pasaporte na ibinigay ng UK, alinman sa Channel Islands, Isle of Man, isang Teritoryo ng Britanya sa Ibayong Dagat, isang estado ng European Economic Area (EEA) o isang bansang Commonwealth (kabilang ang Irish Passport Card).

**Pagmamaneho at pagpaparada**

Lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng UK, alinman sa Channel Islands, Isle of Man, o isang estado ng EEA (kabilang dito ang isang pansamantalang lisensya sa pagmamaneho) isang Blue Badge.

**Lokal na paglalakbay**

- Bus Pass para sa Matanda na pinondohan ng Pamahalaan ng UK
- Bus Pass para sa May Kapansanan na pinondohan ng Pamahalaan ng UK
- Oyster 60+ Kard na pinondohan ng Pamahalaan ng UK
- Freedom Pass
- Inilaan ang Scottish National Entitlement Card para sa paglalakbay sa pampublikong transportasyon sa mas mababahang halaga o concessionary travel (kabilang ang bus pass para sa mahigit 60 taong guang, may kapansanan o wala pang 22 taong gulang)
- Welsh Concessionary Travel Card para sa 60 Taong Gulang Pataas
- Welsh Concessionary Travel Card para sa Taong May Kapansanan
- Senior SmartPass na inisyu sa Northern Ireland
- SmartPass para sa Nakarehistrong Bulag (Registered Blind SmartPass) or SmartPass ng Taong Bulag na inisyu sa Northern Ireland
- SmartPass para sa May Kapansanan dulot ng Digmaan (War Disablement SmartPass) na inisyu sa Northern Ireland
- SmartPass para sa 60 taong gulang pataas (60+ SmartPass) na inisyu sa Northern Ireland
- SmartPass na Kalahati ang Pamasahe (Half Fare SmartPass) na inisyu sa Northern Ireland

**Katibayan ng edad**

Kard ng pagkakakilanlan na may hologram ng Plano ng Mga Pamantayan para sa Katibayan ng Edad (Proof of Age Standards Scheme) (isang PASS card).

**Iba pang mga dokumentong inisyu ng gobyerno**

- Biometric na dokumento sa imigrasyon
- Pambansang kard ng pagkakakilanlan na inisyu ng isang estado ng EEA
- Kard ng Pagkakakilanlan para sa Halalan na inisyu sa Northern Ireland

Katibayan Bilang Botante (Voter Authority Certificate): https://www.electoralcommission.org.uk/i-am-a/voter/voter-id/applying-a-voter-authority-certificate

Anonymous Electors Document (Dokumento ng Di Pinapangalanang Botante): https://www.electoralcommission.org.uk/i-am-a/voter/register-vote/register-vote-anonymously#

**Dokumento ng Manghahalal na Hindi Nagpapakilala (Anonymous Elector's Document)**

**Kung wala kang aprubadong ID na may litrato** maaari kang mag-apply para sa isang libreng dokumento na ID ng botante, na tinatawag na Katibayan Bilang Botante (Voter Authority Certificate), kung:

- wala kang aprubadong ID na may litrato
- hindi ka nakatitiyak kung kamukha mo pa rin ang nakalitrato sa iyong ID
- nag-aalala ka tungkol sa paggamit ng umiiral na uri ng ID para sa anumang iba pang dahilan, gaya ng paggamit ng pagtukoy ng kasarian (gender marker)

Ang huling araw sa pag-apply ay alas-5 ng hapon ng ika-24 ng Abril. Alamin ang higit pa sa:electoralcommission.org.uk

**Lumang ID na may litrato**

Maaari mo pa ring gamitin ang iyong ID na may litrato kahit luma na ito, hangga't kamukha mo pa rin ang nakalitrato.

Dapat na pareho ang pangalan sa iyong ID at pangalan na ginamit mo upang magrehistro para makaboto.

Kung hindi ka makapunta nang personal sa istasyon sa pagboto, maaari kang mag-apply para bumoto sa pamamagitan ng koreo o isang kinatawan.

## 2 Sa pamamagitan ng koreo:

- Ipadadala ang iyong mga balota nang mga isang linggo bago ng araw ng halalan.
- Markahan ang iyong mga boto at ibalik ang mga ito para makarating bago mag-alas-10 ng gabi sa ika-2 ng Mayo 2024.
- Dapat mong tandaan na punan ang deklarasyong panseguridad ng iyong lagda at petsa ng kapanganakan.
- Kung hindi mo maibabalik ang iyong mga boto sa takdang oras, hindi sila bibilangin.
- Kung nakalimutan mong ipadala sa koreo ang mga ito, maaari mong dalhin ang iyong nakumpletong botong pang-koreo sa alinmang istasyon sa pagboto sa lungsod kung saan ka rehistradong bumoto o sa tanggapan ng rehistrasyong panghalalan ng iyong lungsod.
- Kapag ibabalik ang iyong botong pang-koreo nang personal, kakailanganin mong kumumpleto ng isang maikling form. Mangyaring maglaan ng oras para dito.

Ang huling araw para sa mga bagong aplikasyon sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at para sa mga pagbabago sa kasalukuyang mga pagboto sa pamamagitan ng koreo o isang kinatawan ay alas-5 ng hapon sa Abril 17, 2024.

Pumunta sa gov.uk/apply-postal-vote o makipag-ugnayan sa tanggapan para sa rehistrasyong panghalalan ng iyong lungsod.

## 3 Paggamit ng isang kinatawan:

- Kung hindi ka makakapunta sa istasyon sa pagboto, maaari kang humiling sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na maging kinatawan mo.
- Nangangahulugan ito na maaari silang bumoto sa ngalan mo ngunit kakailanganin mong sabihin sa kanila kung sino ang gusto mong iboto.

Ang huling araw para sa pagtanggap ng mga bagong aplikasyon para bumoto sa pamamagitan ng isang kinatawan (hindi kinatawan pang-koreo (postal proxy) o mga kinatawang pang-emerhensiya) ay alas-5 ng hapon sa ika-24 ng Abril 2024.

Ang huling araw para sa pagtanggap ng mga emergency proxy application ay alas-5 ng hapon sa 2 Mayo 2024.


Pumunta sa gov.uk/apply-proxy-vote o makipag-ugnayan sa tanggapan para sa rehistrasyong panghalalan ng iyong lungsod.

**Alamin ang higit pa sa londonelects.org.uk**
**@LondonElects**
**#LondonVotes**

# PAANO BUMOTO


Bibigyan ka ng 3 balota para bumoto sa halalan ng Alkade ng London at London Assembly:

### Ang Alkalde ng London (balotang kulay rosas):




- Piliin kung sino ang gusto mong maging Alkalde ng London.
- **Maglagay ng [X]** sa tabi ng kandidatong gusto mo. Pumili lamang ng ISA.
- Sa mga nakaraang taon, pinapayagan ang paggawa ng ikalawang opsyon para sa Alkalde. Hindi na ngayon.

### Miyembro ng Constituency London Assembly (balotang kulay dilaw):



- Piliin kung sino ang gusto mong kumatawan sa iyong lokal na lugar sa London Assembly.
- Bumoto ng isang kandidato lamang.
- **Maglagay ng [X]** sa tabi ng iyong pinili.

### Miyembro ng Assembly sa buong London (balotang kulay orange):



- Piliin kung sino ang gusto mong kumatawan sa buong London sa London Assembly.
- Bumoto lamang nang isang beses.
- **Maglagay ng [X]** sa tabi ng iyong pinili.

# HIGIT PANG IMPORMASYON

Sa Abril 2024, ang lahat ng rehistradong bumoto sa London ay makatatanggap ng booklet panghalalan. Nakalista rito ang lahat ng kandidato sa London Assembly, kabilang ang mga maiikling manipesto mula sa mga kandidato sa pagka-Alkalde na piniling magkaloob nito at magbibigay sa iyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa kung saan at kung paano bumoto. Abangan mo ang pagdating nito.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa londonelects.org.uk, o makipag-ugnayan sa tanggapan para sa rehistrasyong panghalalan ng iyong lungsod.